# MGA PRIYORIDAD

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Fr. Arlo Yap
Oktubre 19, 2024

Ang mga priyoridad ay mahahalagang aspekto ng ating buhay na pinaglalaanan natin ng panahon. Pamilya ang pyiroridad ng iba, samantalang, kalusugan, pananalapi, paglago sa karera, at o pansariling paglago. Ang ating mga priyoridad ay nakaka-impluwensya sa ating mga pagpipilian, desisyon, aksyon, at pag-uugali. Gayunpaman, ang priyoridad nating mga Kristyano ay unahin ang Diyos (Ex. 20:2-3; Mk. 12:30-31).

**1. PAANO NATIN UUNAHIN ANG DIYOS?**

**1.1 Hanapin ang Kaharian ng Diyos**

Magpokus sa Diyos at sa Kanyang katuwiran. Ang Mateo 6:33 ay may panawagan na mamuhay nang ayon sa Kanyang kalooban. Kung hinahanap natin ang Kanyang kalooban, magtiwala tayo na ipagkakaloob Niya ang lahat nating kailangan, at mararanasan natin ang ganap na tuwa at galak. Maniwala na ang Diyos ay higit na malaki, malakas, at may ganap na kapangyarihan sa lahat ng bagay (ating kalusugan, pananalapi, relasyon, kinabukasan, oras, atbp).

Ang ating tadhana ay hindi isang pagkakataon; mamili sa mabuti o sa masama, mamili sa mabuti o sa higit na mabuti. Piliin ang Diyos! Kung ang Diyos ang ating priyoridad, ang lahat ay hindi gaanong mahalaga.

**1.2 Paglingkuran ang Panginoon**

- Mahalin Siya nang tapat at sumunod sa Kanya sa lahat ng oras. Hinahamon tayo sa Josue 24:14-15 na suriin natin ang ating katapatan at unahin ang ating pangako sa Diyos higit sa anumang bagay.
- Sambahin Siya sa pamamagitan ng mga salita, awit, sayaw at pagsaksi.

**1.3 Palaguin ang relasyon sa Diyos**

Makipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin, pagbabasa at pag-aaral ng Salita ng Diyos, pagkonekta sa ibang mananampalataya, at regular na pagdalo sa mga gawain sa simbahan. Ang pinakamahalaga sa lahat, mamuhay tayo ayon sa ating pananampalataya.

Ang pakikipagkaibigan sa Diyos ay sobrang mahalaga dahil inaalagaan ng Diyos ang Kanyang mga kaibigan. Inaalagaan sila ng Diyos, ibinibigay ang lahat ng pangangailangan, minamahal, pinapayuhan, binibigyan ng kaginhawaan at hinihikayat sila at sa huli, Siya mismo ang tatanggap sa kanila.

**2. BAKIT NATIN UUNAHIN ANG DIYOS?**

Ayon sa Mateo 6:33 "Hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian, at ang Kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idadagdag sa inyo."

**2.1 Ang Kanyang hindi karapatdapat na pabor/grasya** (2 Cor. 12:8-9). Naranasan nina Pablo at Silas ang grasya ng Diyos sa loob ng bilangguan. Kahit na pinabantayan silang mabuti at naka-kadena ang mga paa, pinahintulutan ng Diyos na lumindol nang napakalakas na naging dahilan na nayanig ang pundasyon ng bilangguan at nakalas ang mga tanikala ng mga bilanggo. Nagpadala ang Diyos ng mga anghel para palayain sila (Gawa 16:25-34).

**2.2 Siguradong kinabukasan–** Huwag nating alalahanin ang ating kinabukasan (Mt.6:33-34).

**2.3 Banal na probisyon** – Huwag nating alalahanin ang ating mga pangangailangan (Mt. 6:25).

**2.4 Tinugon na Panalangin** – Anuman ang hilingin ninyo sa Kanyang pangalan, ipagkakaloob Niya ito (Juan 14:13-14).

**Konklusyon:** Nais ng Diyos na unahin Siya sa lahat ng bagay at paglingkuran Siya. Natutuwa ang Diyos kung malapit tayo sa Kanya. Nais Niya tayong maging banal, ganap, minamahal, at malaya. Ang Diyos ang pinakamahalaga sa anumang bagay. Ang pagbuo ng personal na relasyon sa Kanya ay hindi lamang mahalaga kundi isang priyoridad. Gawin nating priyoridad ang Diyos.

**Pagninilay:**

1. Paano mo inuuna ang Diyos sa iyong buhay?
2. Paano ang relasyon mo sa Diyos nakaka-apekto sa iyong mga pamimilian/desisyon/plano?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/
Tags: #Mga Priyoridad; #Mga Pagpipilian